# ANG MGA PANGUNAHING SANGKAP NG KALIGTASAN

*Posted on 12.12.2023 by Adam Parnell*



**Category:** General Maritime

**Edition**MFB 73

**Editorial**

## Ang epektibong komunikasyon ay susi

Binabati naming kayo mula sa aming bagong newsletter, ito ay punong-puno uli ng mga ulat na hango sa totoong buhay na ipinasa ng mga marino at kumpanyang kagaya ninyo. Ang mga ito ay makakatulong upang mapalawig pa ang kamalayan ng mga pangunahing human factors na kritikal sa kaligtasan ng maritime industry, at kami ay buong pagpapakumbabang nagpapasalamat sa inyong mga ulat. Tuloy-tuloy lang sa pagpasa!

Ang mga regular na mambabasa ay mapapansin ang maraming mga isyu na binigyang diin sa edisyong ito dahil sa madalas na itong itinatampok sa mga natatangap na mga ulat.

Gaya ng dati, ang epektibong komunikasyon ang nangunguna sa aming listahan. Maging ito man

ay sa mabilis na pag-alerto sa Bridge o sa isang sunog sa galley o pagtitiyak ng malinaw at hindi malabo ang mga tagubilin para sa mga evacuation drill ng ferry passenger, ang komunikasyon ay kritikal sa kaligtasan.

Ang Teamwork ang isa pa sa mga karaniwang itinatampok, at ang mga ulat na ito ay nagpapakita na kung ang mga crewmembers ay sama-samang epektibo na kikilos, ang mga aksidente ay maaaring maiwasan o mapagaan.   Ang paghikayat na magkaroon ng shared approach sa kaligtasan ay hindi lamang nakakatulong na magkaroon ng mas malakas na grupo, kungdi nakakadagdag kagalingan at nakakabawas pa ito sa panganib!

Ang kamalayan sa sitwasyon (pagiging alerto sa iyong paligid) ay mahalaga sa pagkakaroon ng proactive incident prevention, gaya ng pinapakita sa aming ulat na kaugnay ng dry-dock operations at maging sa gangway usage.

Ang kahalagahan ng magandang disenyo ng kagamitan ay muli nanamang itinampok sa ilan sa aming mga ulat, partikular na ang pagpapadali sa inspeksyon at pagpapanatili.   Kahit ang mga bagong gawang mga barko ay maaaring maapektuhan mula dito.

Ito ang magiging panghuling Maritime FEEDBACK na edisyon ngayong taong 2023.   Kasunod nito ay maglalathala kami ng aming Annual Digest na naglalaman ng lahat ng mga ulat na kagaya ng aming inilathala noong nakaraang taon, kung sakaling may nakaligtaan kayong mga dating kopya.   Huwag kalimutan na maaari din ninyong ma-access ang lahat ng mga ulat sa aming website at sa aming app.  Maaari rin kayong mag-subscribe upang maipadala din namin ito sa inyong mga email inbox!

Hanggang sa susunod na edisyon, manatiling ligtas!

Sumasainyo,

The CHIRP Maritime team.